# Meningococcal B (Men-B) na Bakuna
# Meningococcal B (Men-B) Vaccine

Ang pagbabakuna ay nagligtas ng mas maraming buhay sa Canada sa nakalipas na 50 mga taon kaysa sa anumang iba pang hakbang sa kalusugan.

## Ano ang Men-B na bakuna?

Pinoprotektahan ng Men-B na bakuna laban sa impeksyon mula sa isa sa mga pinakakaraniwang uri ng meningococcal bacteria, type B. Ang bakuna ay inaprubahan ng Health Canada.

Ang bakunang Men-B ay hindi bahagi ng regular na iskedyul ng pagbabakuna sa B.C. Gayunpaman, ang isang bakuna para sa sakit na meningococcal C ay karaniwang ibinibigay sa mga sanggol at isang bakuna na nagpoprotekta laban sa mga uri ng meningococcal A, C, Y at W ay ibinibigay sa mga mag-aaral sa baitang 9. Ang parehong mga bakunang ito ay ibinibigay nang libre. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang HealthLinkBC File #23a Meningococcal C Conjugate (Men-C) Vaccine at HealthLinkBC File #23b Meningococcal Quadrivalent Vaccines.

## Sino ang dapat makakuha ng bakuna?

Sa B.C., ang bakunang Men-B ay ibinibigay nang libre sa mga 2 buwang gulang at mas matanda na nagkaroon ng malapit nang nakipag- kontak sa isang kaso ng sakit na meningococcal B.

Inirerekomenda ang bakuna, ngunit hindi ibinibigay nang libre, para sa mga nasa panganib ng impeksyon sa meningococcal B dahil sa ilang partikular na kondisyong medikal, kabilang ang:

- Walang lapay o lapay na hindi gumagana ng maayos
- Mga sakit sa sistema ng panlaban sa sakit kabilang ang complement, properdin, factor D o mga pangunahing kakulangan sa antibody

Inirerekomenda din ang bakuna, ngunit hindi ibinigay nang libre para sa:

- Ang mga manggagawa sa laboratoryo na karaniwang nakalantad sa meningococcal bacteria
- Mga tauhan ng militar
- Ang mga naglalakbay sa isang lugar kung saan mataas ang panganib ng sakit na meningococcal B

Para sa impormasyon sa mga lugar ng paglalakbay na may mataas na peligro makipag-ugnayan sa isang klinika ng paglalakbay.

Kung gusto mong maprotektahan laban sa sakit na meningococcal B, maaari kang bumili ng bakuna sa ilang mga klinika sa paglalakbay at mga parmasya.

Ang mga bakuna ay ibinibigay sa pamamagitan ng pag-iniksyon bilang isang serye ng 2, 3 o 4 na dosis. Ang bilang ng mga dosis ay depende sa kung gaano katanda ka kapag nagsimula ang serye ng pagbabakuna. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa higit pang impormasyon.

Mahalagang panatilihin ang isang talaan ng lahat ng natanggap na mga pagbabakuna.

## Ano ang mga benepisyo ng pagkuha ng bakuna?

Ang bakuna ay nagbibigay ng pangmatagalang proteksyon laban sa impeksyon ng meningococcal B, isang malubha at kung minsan ay nakamamatay na sakit.

## Ano ang mga posibleng reaksyon pagkatapos ng bakuna?

Ang mga bakuna ay napakaligtas. Mas ligtas na magpabakuna kaysa makakuha ng sakit na meningococcal. Ang mga karaniwang reaksyon sa bakuna ay kasama ang pananakit, pamumula at pamamaga kung saan ibinigay ang bakuna. Maaaring maganap din ang lagnat,magalitin, pagkaantok, pananakit ng kalamnan at sakit ng ulo. Ang mga reaksyong ito ay karaniwang banayad at karaniwang tumatagal ng 1 hanggang 2 araw.

Ang mga reaksyon, kabilang ang lagnat, ay mas karaniwan sa mga batang wala pang 2 taong gulang kung ang Men-B na bakuna ay ibinibigay kasama ng iba pang karaniwang mga bakuna sa pagkabata.

Ang Acetaminophen (hal. Tylenol®) o ibuprofen (hal. Advil®) ay maaaring ibigay para sa lagnat o sakit. Ang ASA (hal. Aspirin®) ay hindi dapat ibigay sa sinumang wala pang 18 taong gulang dahil sa panganib ng Reye Sindrom.

*Ang ibuprofen ay hindi dapat ibigay sa mga batang wala pang 6 na buwang gulang nang hindi muna nakikipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Reye Sindrom, tingnan ang HealthLinkBC File #84 Reye Syndrome.

Mahalagang manatili sa klinika ng 15 minuto pagkatapos makakuha ng anumang bakuna dahil may napakabihirang posibilidad, na mas mababa sa 1 sa isang milyon, ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya na tinatawag na anaphylaxis. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksyong ito, nakahanda ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pinakamalapit na departamento ng emerhensiya sa pamamagitan ng ambulansya. Kung magkaroon ng mga sintomas pagkatapos mong umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o sa numero ng iyong lokal na emerhensiya.

Mahalaga na palaging iulat ang seryoso o hindi inaasahang mga reaksyon sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Sino ang hindi dapat kumuha ng Men-B na bakuna?

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw o ang iyong anak ay:

- Nagkaroon ng nagbabanta ng buhay na alerhiyang reaksiyon sa nakaraang dosis ng bakunang meningococcal, o anumang bahagi ng bakunang Men-B kabilang ang kanamycin
- Umiinom ng gamot na Soliris®

Hindi na kailangang ipagpaliban ang pagpapabakuna dahil sa sipon o iba pang banayad na sakit. Gayunpaman, kung mayroon kang mga alalahanin, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Ano ang impeksyon ng meningococcal B?

Ang impeksyon ng meningococcal B ay sanhi ng bacteria na tinatawag na meningococcal type B. Maaari itong magdulot ng malubha at nakamamatay na impeksyon kabilang ang meningitis, isang impeksiyon sa lining na sumasaklaw sa utak, at septicemia, isang impeksiyon sa dugo. Kabilang sa mga permanenteng komplikasyon ng impeksyon ang pinsala sa utak, pagkabingi, at pagkawala ng mga paa. Humigit-kumulang 1 sa 20 tao na nagkakasakit ay maaaring mamatay.

Ang impeksyong meningococcal ay kumakalat mula sa bawat tao sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing, o malapit na harap-harapang pakikipag-ugnayan. Maaari rin itong kumalat sa pamamagitan ng laway. Ang mga sanggol at maliliit na bata ay maaaring magkasakit sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga soother, mga bote o mga laruan na ginagamit ng ibang mga bata. Ang mga matatandang bata at mga nasa hustong gulang ay maaaring magkasakit sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng paghalik, o pagbabahagi ng pagkain, mga inumin, mga sigarilyo, mga lipstick, mga bote ng tubig, at mga mouth guard na ginagamit para sa isport o mga mouthpiece ng mga instrumentong pangmusika.

## Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad

Inirerekomenda na pag-usapan ng mga magulang o mga tagapag-alaga at kanilang mga anak ang pahintulot para sa pagbabakuna. Ang mga batang wala pang 19 na taong gulang, na nakakaunawa ng mga benepisyo at mga posibleng reaksyon para sa bawat bakuna at panganib sa hindi pagkuha ng bakuna, ay maaaring legal na pumayag o tumanggi sa mga pagbabakuna. Para sa higit pang impormasyon sa pahintulot ng gumugulang na menor de edad tingnan ang HealthLinkBC File #119 Ang Batas sa mga Sanggol, Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad at Pagbabakuna.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga pagbabakuna, bisitahin ang ImmunizeBC sa https://immunizebc.ca/.